# Joy Belmonte nagwaging Mayor, Sotto Bise sa QC



*Prinoklama na kahapon ng Comelec sina Joy Belmonte bilang nagwaging mayor sa lungsod Quezon at ang kanyang ka-tandem na si Gian Sotto na nanalong bise-alkalde. Naiproklama na rin lahat ang nagwaging mga congressman at mga konsehal sa lungsod. (Kuha ni Michael Varcas)*

Iprinoklama na bilang bagong alkalde ng Quezon City si Vice Mayor Joy Belmonte at ang running mate na si Konsehal Gian Sotto matapos tambakan ang kanilang mga kalaban.

Tinambakan ng malaking boto ni Belmonte ang kanyang dalawang nakatunggaling kandidato na sina Congressman Vincent "Bingbong" Crisologo at dating Representative Chuck Mathay.

Base sa official canvassing ng Commission on Election sa Quezon City ay nakakuha si Belmonte ng 469,480 habang 366,215 si Crisologo, samantalang si Mathay ay 19,106.

Panalo rin ang running mate ni Belmonte na si Sotto na nakakuha 382,393 habang ang malapit nilang katunggali na si Jopet Sison ay nakakuha lang ng 343,473, Roderick Paulate 112,697.

Si Joy ay anak ni dating House Speaker Sonny Belmonte ay nangakong maglilingkod ng tapat at dalisay para sa kapakanan ng mamamayan ng lungsod.

"Alam ko na ang mga dapat gawin, at mga dapat pagbutihin pa sa ating lungsod. Kaya sa pagluklok ko bilang alkalde, pagtungtong ng July 1, ay trabaho kaagad ang aatupagin ko" ani Belmonte. ***-Mer Layson, Angie dela Cruz-***